

Mabilisang Katotohanan tungkol sa Hepatitis B

Lahat ng kailangan mong malaman sa loob ng 2 minuto o mas kaunti!

Ano ang Hepatitis B?

Ang Hepatitis B ay ang pinaka-karaniwang malubhang impeksiyon sa atay sa mundo. Ito ay sanhi ng hepatitis B virus (HBV), na umaatake sa mga selula ng atay at maaaring humantong sa cirrhosis (pagkapeklat), pagkasira sa atay, o kanser sa atay.

Karamihan sa mga malulusog na tao na nahawaan bilang mga nasa hustong gulang ay kayang labanan ang impeksiyon at alisin ang virus mula sa kanilang dugo. Maaaring tumagal ito ng hanggang 6 na buwan, at nakakahawa sila sa panahong ito. Sa kasamaang palad, ang mga sanggol at maliliit na bata ay nasa pinakamalaking panganib na magkaroon ng talamak (panghabambuhay) na impeksiyon kung sila ay nalantad sa HBV.

Humigit-kumulang 5-10% ng mga nasa hustong gulang, 30-50% ng mga bata, at 90% ng mga sanggol ay hindi kayang labanan ang virus at magkakaroon ng malalang impeksiyon. Maaaring maipasa ng mga taong may talamak na impeksiyon ang virus sa iba (kahit na wala silang sintomas) at nasa mas mataas na panganib na magkaroon ng sakit sa atay at kanser sa atay sa bandang huli ng buhay.

Ang mabuting balita ay ang hepatitis B ay maiiwasan sa pamamagitan ng ligtas at epektibong bakuna. Mayroon ding mga epektibong paggamot para sa mga nabubuhay na may talamak na hepatitis B.

Hepatitis B ayon sa mga Numero

Sa mundo:

- 30 milyon ang mahahawa
- 296 milyong tao sa buong mundo ang talamak na nahawaan ng hepatitis B
- 820,000 katao ang namamatay bawat taon - 1 tao bawat 30 segundo - mula sa mga komplikasyon ng hepatitis B, tulad ng kanser sa atay

Sa Estados Unidos:

- Hindi bababa sa 20,000 bagong tao ang mahahawa
- Hanggang 2.4 milyong Amerikano ang talamak na nahawaan ng hepatitis B
- Libu-libong Amerikano ang namamatay mula sa hepatitis B at mga komplikasyon nito, tulad ng kanser sa atay

Maiiwasan ba ang Hepatitis B?

OO! Tanungin ang iyong doktor tungkol sa ligtas at epektibong bakuna sa hepatitis B at protektahan ang iyong sarili at ang iyong mga mahal sa buhay habang-buhay. Inirerekomenda ng CDC na ang lahat ng mga sanggol, bata at matatanda hanggang sa edad na 59 ay tumanggap ng bakuna sa hepatitis B. Sa labas ng U.S., inirerekomenda ng World Health Organization na ang lahat ng mga sanggol, bata, kabataan hanggang 18 taong gulang, at mga nasa hustong gulang na may mataas na panganib ay tumanggap ng bakuna. Tandaan, kailangan lang ng ilang shot para sa panghabambuhay na proteksiyon!

Paano Naililipat ang Hepatitis B?


Ang Hepatitis B ay naililipat sa pamamagitan ng nahawaang dugo at mga likido sa katawan. Ito ay maaaring mangyari sa pamamagitan ng direktang pakikipag-ugnayan sa dugo-sa-dugo, walang protektadong pakikipagtalik, paggamit ng ilegal na droga, at mula sa isang nahawaang babae papunta sa kanyang bagong sanggol sa panahon ng pagbubuntis o panganganak.

Ang Hepatitis B ay maaaring kumalat sa pamamagitan ng:

- Direktang pakikipag-ugnayan sa nahawaang dugo
Walang proteksiyong pakikipagtalik
- Marumi o hindi sterile na mga karayom (IV na paggamit ng droga, tattoo/tusok na karayom)
- Naninirahan sa isang sambahayan kasama ang isang taong may impeksyon
- Isang nahawaang ina papunta sa kanyang bagong silang na sanggol sa panahon ng pagbubuntis o panganganak
- Pagbabahagi ng mga pang-ahit, sipilyo, pamputul ng kuko, hikaw o alahas sa katawan sa isang taong may impeksiyon
- Mga kagat ng tao mula sa isang taong nahawahan
- Mga hindi sterile na instrumento na ginagamit ng mga dentista, doktor, at barbero sa tabing daan

Ang Hepatitis B ay hindi kumakalat sa pamamagitan ng:

- Paghalik sa pisngi o labi
- Pag-ubo o pagbahing
- Kaswal na pakikipag-ugnayan gaya ng pagyakap, paghawak ng kamay o pakikipagkamay
- Pagkain ng pagkain na inihanda ng o pagkain ng pagkain kasama ang isang nahawaang indibidwal



Sino ang Pinaka-nanganganib para sa Hepatitis B?

- Mga batang ipinanganak sa mga ina na nahawaan ng HBV
- Mga taong nakatira sa malapit na pakikipag-ugnayan sa sambahayan sa isang indibidwal na may talamak na impeksiyon.
- Mga batang inampon mula sa isang bansa kung saan laganap ang HBV
- Mga indibidwal na nakipagtalik nang hindi protektado o may higit sa isang sekswal na kasosyo sa loob ng 6 na buwan
- Mga taong na-diagnose na may sexually transmitted disease (STD)
- Mga lalaking nakikipagtalik sa mga lalaki
- Mga indibidwal na nagbabahagi ng mga karayom at hiringgilya
- Mga tagapagbigay ng pangangalagang pangkalusugan at mga tagatugon sa emerhensiya
- Mga taong sumasailalim sa dialysis sa bato
- Mga indibidwal na nakatira o nagtatrabaho sa isang institusyonal na kapaligiran, tulad ng isang bilangguan o grupong tahanan

Karagdagang Mapagkukunan nang Kaalaman sa Hepatitis B

- Hepatitis B Foundation: <http://www.hepb.org>
- CDC Division of Viral Hepatitis: <https://www.cdc.gov/hepatitis/>
- World Health Organization: <http://www.who.int/mediacentre/factsheets/fs204/en/>
- Immunization Action Coalition: <http://www.immunize.org>